

HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 10 Blg. 9 June 30-July 6, 2025 P10.00


Ex-President Santos, bilang 'chairman emeritus'...



Santos



Velasquez



SA pagdalo ni PCO Secretary Jaybee Ruiz sa katapos na PAPI 2025 Midyear Assembly and National Elections bilang panauhing pandangal ay kabilang sa kanyang mensahe ang isinasagawang mga hakbang ng administrasyong Marcos hinggil sa paglaban sa fake news.

PUBLISHER NG LOKAL NA DYARYO SA CAVITE, BAGONG PANGULO NG PAPI ^{p.2}



ATIN 'TO! AT YOUR SERVICE
SEAL OF CHILD-FRIENDLY LOCAL GOVERNANCE AWARDING CEREMONY
19.05.2025 (NEW PROVINCIAL CAPITAL BUILDING)
WWW.CAVITEGOV.GH - WWW.ATHENATOLENTINOJH

CAVITE CONDUCTS SEAL OF CHILD-FRIENDLY LOCAL GOVERNANCE AWARDING CEREMONY- story p.5



LEGARDA NANAWAGAN NG AGARANG REPORMA SA PAGGAWA SA GITNA NG PATULOY NA PAGKAKASAMA NG PILIPINAS SA 'WORST COUNTRIES FOR WORKERS' LIST NG 'ITUC'-story p.4



Legarda underscores role of Philippine Studies Program in strengthening diplomacy- story p.7



Building a Culture of Readiness: PSA RSSO IV-A Sounds the Alarm as It Joins the 2nd Quarter 2025 NSED- story p.5



FPSP NCSC CEO CHAIRPERSON DR MARY JEAN LORECHE AND LT GEN RICARDO RAINIER CRUZ III RET COMMISSION MEMBER IV---TINALAKAY sa press conference ng 6th National Advisory Board Conference and Midterm Assessment Philippine Plan of Action of the National Commission of Senior Citizens (NCSC) na ginanap sa Great Eastern Hotel, Quezon City. (REY NILLAMA) - story p.2

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0968-7122927

Ex-President Santos, bilang ‘chairman emeritus’...

PUBLISHER NG LOKAL NA DYARYO SA CAVITE, BAGONG PANGULO NG PAPI

NALUKLOK bilang bagong pangulo ng Publishers Association of the Philippines, Inc. (PAPI) ang isa sa mga publisher ng local newspaper sa Cavite.

Siya ay si Rebecca Velasquez, publisher ng Pulso ng Makabagong Caviteño News Publishing, na dating executive vice president, na pamumunuan na ang PAPI bilang bagong pangulo para sa taon 2025-2028.

Kaugnay ito ng katatapos na 2025 Midyear General Assembly and National Election, na may temang Fighting Fake News as United Mission, na ginanap sa National Press Club (NPC) sa Intramuros, Manila nitong Hunyo 24.

Isa pang publisher mula sa Cavite ang bahagi rin sa bagong pamunuan ng PAPI sa katauhan ni Reyland Lopez, ng Unang Milenyo News Publishing Center, bilang secretary.

Ang bagong executive vice president ay si Ian Israel Junio (Hyperland News Publishing); Vice President for Luzon, Alma Ochotorena (News Syndicate Digest); VP for Visayas, Danilo Silvestre (Balita Tirador Publication); VP for Mindanao, Anila Ann Acosta (Mindanao Expose); Secretary; Reyland Lopez, (Unang Milenyo News Publishing Center); Treasurer Leonida Cardona, (People's Monitor Publication); at Auditor, May Ann Reyla (City View Publishing).

Director for Luzon sina Eduardo Cardona (Rizal Voice Publication) at Dina Diaz (Tarlac Insider Weekly Newspaper); Director for Visayas, Giecel Albar (Akeanon News); at Director for Mindanao, sina Joseph DenMarc Avila (Peryodista Publication), at Elpidio Soriano, Jr. (Eagles Journal). Nabatid na ang bagong liderato ng PAPI sa ilalim ng pamumuno ni President Velasquez ay magtatapos ang panunungkulan hanggang sa Hunyo 30, 2028.

Nagsilbing panauhing pandangal at pangunahing tagapagsalita sa nasabing okasyon si Presidential Communication Office Secretary Jay Ruiz.

Kabilang sa talumpati ni Secretary Ruiz ay ang patuloy na pagkilos at paglaban ng administrasyon ni Pangulong Bongbong Marcos partikular ng kanyang tanggapan hinggil sa fake news at umaasa siya na isa sa katuwang ang PAPI sa laban na ito.

Dumalo rin at nagbigay ng

malahalagang mensahe sina NPC President Leonel 'Boying' Abasola at Presidential Task Force on Media Security Executive Director Usec Jose Torres, Jr. Sumaksi rin sa nabanggit na event sina NPC Secretary Lydia Bueno, Dra. Lily Lim, at iba pa.

Naging bahagi rin ng programa ang pagbibigay pugay at paggunita sa namayapang chairman emeritus ng PAPI na si Juan 'Johnny' Dayang, Sr. na matatandaang isinagawa ang hindi makatao at makatarungang pagpaslang sa kanyang tahanan sa lalawigan ng Aklan. Kaugnay naman nito, sa pamamagitan ng bukas na talakayan ng mga opisyal at kasapi ng PAPI ang posibilidad na pagsusulong sa pagtatalaga bilang chairman emeritus kay dating President Nelson Santos.

Buong pagsang-ayon ang samahan sa naturang panukala dahil sa hindi matatawarang maayos at magandang pamumuno ni Santos ng kanyang ilang taon o terminong panunungkulan gayundin ang napakalaking kontribusyon nito sa PAPI.

Sa pamamagitan ng pagpasa ng resolusyon at paglagda ng mga kinatawan o board member ang pagsasakatupan kay ex-President Santos bilang PAPI chairman emeritus. Sinusulat ito ay itinatakda ang pormal na panunumpa o oath-taking ng mga naturang bagong halal na opisyal ng PAPI.

3 katao, kalaboso sa ‘bato’

KALABOSO ang tatlo katao matapos ang matagumpay na buy bust operation na isinagawa ng kapulisan kamakailan sa Tagaytay City, Cavite.

Nakilala ang mga suspek na isa rito ay babae na sina alyas Mia, ng Barangay Pasong Langka, Silang; alyas Johnny, ng Barangay Marinig, Cabuyao City, Laguna; at alyas Carmela, ng Barangay Sinalhan, Sta. Rosa City, Laguna.

Nabatid na ang babaing suspek ay nakatala bilang Street Level Individual. Ang buy-bust operation ay isinagawa ng mga operatiba ng City Drug Enforcement Unit (CDEU) ng Tagaytay Component City Police Station dakong alas-12:01 ng tanghali nitong Hunyo 25 sa Barangay Tolentino East, Tagaytay City. Kumpiskado sa mga suspek ang 11 pieces ng heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng puting kristal

Pinalalakas ng NCSC ang pangangalaga at benepisyo para sa mga senior citizen

Ang Pambansang Komisyon para sa mga Nakatanda (NCSC) ay pinatatatag ang mga pangangalaga at benepisyo para sa mga nakatatanda sa tulong at pakikipagtulungan ng mga kasangkot.

Ang NCSC ay nagdaos ng ika-6 na Pambansang Konbensyon ng Lupon ng mga Tagapayo (NAB) at Pagsusuri sa Gitnang Termino ng Planong Pampinansyal ng Pilipinas para sa mga Nakatanda (PPASC) 2023-2028 kahapon sa Great Eastern Hotel.

Ang NAB Conference ay nagtipon ng mga ahensya ng gobyerno, mga lokal na lider, at mga grupo ng lipunan, ang pribadong sektor, at mga samahan ng mga nakatatandang tao upang subaybayan ang progreso, i-ayon ang mga layunin, at palakasin ang mga programa na sumusuporta sa mga matatanda.

Ang pambansang balangkas para sa pagpapabuti ng pangangalaga at suporta sa mga nakatatanda ay nasa sentro ng kaganapang ito sa PPASC.

Ang PPASC ay nagbibigay ng gabay sa mga pagsisikap na itaguyod ang aktibong pagtanda, mapabuti ang akses sa pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong panlipunan, palawakin ang mga proteksyon, at lumikha ng mga inklusibo at kaibig-ibig na mga komunidad para sa mga nakatatanda.

Sinuri ng NAB Conference kung gaano kahusay ang naging trabaho ng PPASC

hanggang ngayon at kung ano ang maaaring mapabuti. Nakatuon ito sa direktang kapakinabangan ng mga nakatatandang Pilipino sa pamamagitan ng pagsusulong ng mga sumusunod, Mas mabuting pangangalaga sa mga komunidad sa pamamagitan ng mga localized Senior Citizen Community Care Centers (SC3Cs) na nag-aalok ng mga mahahalagang serbisyo malapit sa tahanan.

Higit pang benepisyo sa pamamagitan ng mga update sa Republic Act No. 11982 o ang Expanded Centenarians Act, na ngayon ay nagbibigay ng pagkilala at mga cash gift sa mga nakatatanda na may edad 80, 90, at 100 pataas.

Mas matatag na mga sistema ng suporta sa pamamagitan ng pag-aadjust ng mga programa batay sa mga totoong hamon na kinakaharap ng mga nakatatanda tulad ng access sa pangangalagang pangkalusugan, seguridad sa kita, at pang-aabuso sa mga nakatatanda. Sa gitnang pagsusuri, pinatibay ng NCSC ang kanilang pangako na hindi iwanan ang sinumang nakatatandang Pilipino at upang matiyak na ang PPASC ay mananatiling isang tumutugon na patakaran na nagpapabuti sa buhay ng mga nakatatanda sa lahat ng komunidad.

Sa isang press conference, sinabi ni DILG (Department of the Interior and Local Government) Assistant Secretary Elizabeth N. Lopez De Leon na kasama ang DA (Department of Agriculture), kanilang ipinatutupad ang programang "Hapag" sa pamamagitan ng "Gulayan", na nagsisiguro ng kasapatan sa pagkain at maging ng pagkakataon sa kabuhayan para sa bawat pook na

mahirap. Idinagdag ni De Leon na ang DILG ay tumatanggap ng lahat ng uri ng reklamo, lalo na mula sa mga mamamayan, sa pamamagitan ng pagtawag sa "911". Ang Presidential Commission on the Urban Poor (PCUP) ay ang ahensya ng gobyerno na tumutulong sa mga "informal settlers" na hindi pinalad sa buhay.

Tiniyak ni NCSC Commissioner Lt. Gen. Rainier Cruz (Ret.) sa mga nakatatandang Pilipino na maaari silang lumapit sa NCSC, sa pamamagitan ng OSCA (Tanggapan ng Ugnayan ng mga Nakatanda), para sa kanilang mga reklamo, alalahanin, at mga problema. Binanggit ni Cruz ang isang insidente ng reklamo tungkol sa nawawalang tiket sa isang programa sa radyo, na nalutas bago pa ito umere sa radyo kung saan ang nagreklamo ay na-refund ang halaga ng nawawalang tiket. Sinabi niya na patuloy silang tumatanggap ng mga reklamo araw-araw, at kung hindi sila makagawa ng kahit ano tungkol dito, kanilang ire-refer ito sa Kongreso ng Pilipinas.

Idinagdag ni Cruz na makikipag-coordinate sila sa PNP (Philippine National Police) upang isama ang "Help Desk" na eksklusibo para sa

mga reklamo at alalahanin ng mga nakatatandang mamamayan.

Binanggit niya na ang mga nakatatandang mamamayan ay hindi makakapagsampa ng kanilang mga reklamo tuwing katapusan ng linggo (Sabado-Linggo) dahil ang mga opisina ng OSCA ay bukas lamang mula Lunes hanggang Biyernes at sarado tuwing katapusan ng linggo.

Sinabi ng Philippine Retirement Authority (PRA) na sa Pilipinas, ngayon ay may 81,500 na banyagang retirado mula sa 150 bansa na isang pinagkukunan ng pagmamalaki para sa ating mga Pilipino kaya't dapat natin silang protektahan.

Patuloy tayong bumubuo ng mga paraan at hakbang upang gawing maayos ang kanilang pagreritiro dito. Ang PRA ay tinutukoy ang mga banyagang retirado bilang "walang kasing mga nangangarap". Ang Kalihim ng Agrikultura (DA) na si Francisco "Kiko" V. Tiu Laurel, Jr. ay itinutulak ang "Mekanisasyon para sa mga Walang Kasing mga Nangarap". Ang DA, sa pamamagitan ng Bureau of Animal Industry (BPI), ay nag-aalok ng programang "Kambingan" para sa mga nakatatanda, bukod pa sa iba.

Wanted ‘nakalawit’ sa Kawit

ISANG Most Wanted Person, regional level, ang ‘nakalawit’ ng mga awtoridad kamakailan sa Kawit, Cavite.

Ang akusado na si alyas Olan, residente ng Barangay Ligton 3, Rosario, ay naaresto dakong alas-1:50 ng hapon nitong Hunyo 25 sa Barangay Magdalo-Potol, Kawit.

Si Olan ay inaresto sa bisa ng warrant of arrest na inilabas ng RTC Branch

16, Cavite City, kaugnay ng paglabag sa Section 15, Article II ng Republic Act 9165 (Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002) at walang inirekomendang piyansa.

Ang operasyon ay isinagawa ng magkasanib na puwersa ng Kawit Municipal Police Station, bilang led unit, at ng Provincial Intelligence Unit (PIU) ng Cavite PPO.

MWP, himas-rehas

HIMAS rehas ang isang Most Wanted Person (MWP) sa Provincial Level matapos maaresto ng kapulisan kamakailan sa Dasmariñas City, Cavite.

Ang naarestong suspek na si alyas Nene, residente ng Barangay San Miguel 2, Dasmariñas City ay naaresto dakong alas-9:30 ng umaga nitong Hunyo 24 sa Barangay Buroi 2, ng naturang lungsod. Nabatid na nag-isyu ng warrant of arrest ang RTC Branch 128 ng Dasmariñas City, Cavite, nitong Enero 22 na may itinakdang piyansang P200,000.00.

Bunsod ito sa paglabag sa RA 9165 – Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 (Section 11 - Possession of Dangerous Drugs) ni Nene. Nagsilbing lead unit ang Provincial Intelligence Unit katuwang ang mga tauhan ng Dasmariñas City Police Station at gamit ang Alternative Recording Device sa nasabing operasyon.

Municipal Level MWP, timbog sa Silang

TIMBOG ang isang Municipal Level Most Wanted Person kamakailan sa Silang, Cavite.

Ang naaresto ay kinilalang si Salvador Arnedo II y Salayog, alyas Bj, at ng Block 43 Lot 4, Barangay Yakal, Silang.

Siya ay inaresto dakong alas-1:45 ng hapon nitong Hunyo 25 sa Barangay Yakal, Silang at sa bisa ng warrant of arrest na inisyu ng RTC Branch 136, Tagaytay City, para sa kasong Robbery by the Use of Force Upon Things.

Mayroong inirekomendang halagang P72,000.00 na piyansa para sa kanyang pansamantalang kalayaan. Isinagawa ng warrant personnel ng Silang Municipal

May kasong statutory rape, nadakip sa bisa ng warrant

Sa bisa ng warrant of arrest ay nadakip ang may kasong statutory rape kamakailan sa Dasmariñas City, Cavite. Ang naaresto ay nakilalang si alyas Pogs, at kasalukuyang naninirahan sa Barangay Salitran 1, Dasmariñas City. Si Pogs na isang Regional Level Most Wanted Person ay nadakip dakong alas-7:20 ng gabi nitong Hunyo 24 sa harapan ng Covered Court, Barangay San Juan, Dasmariñas City.

Ang warrant of arrest ay inisyu at nilagdaan ng RTC Branch 90, Dasmariñas City, Cavite, nitong Hunyo 3 kaugnay ng tatlong bilang ng kasong statutory rape na kinakaharap ni Pogs at ito ay no bail recommended. Warrant personnel Dasmariñas Component City Police Station ang nagkasa ng operasyon gamit ang ang Body Worn Camera at Alternative Recording Device.

Editorial

Makatwiran at makatarungan

SINASABING mas nakararamin hindi lang makatwiran bagkus ay makatarungan ang hindi pagdeklarang panalo sa nasa ikawalang puwesto. Kaugnay ito sa isyung halal-an na humantong sa diskwalipikasyon ng nanalo sa botohan. Masalimuot na usapin at nakasalalay ang itinatakda ng batas pero iisa lamang ang matinding katanungan. Bakit pa ba mayroong eleksi-

yon, ito ay upang marinig at malaman ang kagustuhan ng mayorya o higit na nakararaming botante sa isang lugar o distrito. Nagkataon na pagkatapos ng halalan ay second placer lamang kaya malinaw na katotohanan na ito ay isang talunan. Pangalawa sa puwesto sa hanay ng mga kumandidato na hindi maikakaila na gusto rin ng mga botante gayunman ay higit na nakararami ang pabor **o nais doon sa nanalo o first place.** Makatwiran at makatarungan ang pagkakaroon ng espesyal na halalan upang manaig ang tunay na boses ng mga tao.



Ano ba ang balita? fake news eh! 'Daming naggagaling-galingan

Mare: Matanong nga kita Tess, ano ba ang balita?
Tess: Ano bang balita ang gusto mong malaman Mare? Politics news ba? Crime, national, sports o showbiz news?
Mare: Ibig kong sabihin ay ano ang pagkakaintindi mo 'pag sinabing balita? Ano ang interpretasyon mo sa salitang balita o news?
Tess: Ah! 'Yun ba tinatanong mo sa akin? Well, ang balita ay napapakinggan sa mga radyo, napapanood sa telebisyon, at nababasa sa mga dyaryo.
Mare: Yah korek 'saka dapat ang balita ay may complete facts at batay sa katotohanan o ang tunay na nilalaman ng news.
Tess: Ibig bang sabihin ay 'di maikokonsiderang balita kung ang mababasa, mapapakinggan o mapapanood ay batay lamang sa opinyon o sa pananaw?
Mare: Para sa akin ay ganon nga 'yun. Dapat ang balita ay may pinanghahawakan o inilalabas na mga facts o dokumento para matawag na isang balita.
Tess: Eh 'panu 'yung mga nakikita, napapakinggan at nalalaman natin sa social media? Fake news ba mga yun?
Mare: Kung sa social media, ang tema ay straight news o kung tawagin ay news cast na may mga facts at resibong pinapakita ay pwedeng consider bilang isang balita.
Tess: Meron bang ganon? Kasi parang wala naman akong nakikita eh. Karaniwan o halos lahat ay puro pananaw o opinyon sa social media.
Mare: 'Di naman porke sa social media nakikita o nababasa ay fake news na agad. Gaya ng sabi mo ay opinyon o pananaw iyon kaya hindi pwedeng tawaging balita o news.
Tess: Ano naman ang tawag dun?
Mare: Walang pinag-iba sa mga dyaryo, ang tawag ay mga kolumnista. Sa mga radyo o telebisyon naman ay bilang mga komentista. 'Di balita ang kanilang inihahatid kundi sarili nilang pananaw o kuru-kuro sa kung ano mang balita o mainit na kaganapan.
Tess: Halimbawa pala Mare na ikaw ay naglahad ng pananaw sa isang isyu ay 'di ko pwedeng sabihan ka na fake news ang mga sinasabi mo?
Mare: Hindi talaga kasi ay 'di naman balita ang inilalahad ko.
Tess: So, ano ang tawag dun? Fake information ba o maling impormasyon?
Mare: Mali din sabihin kaagad na fake information kasi nga ay pananaw ko yun. Pwedeng may pinanghahawakan o may pinagbabasehan akong documents sa opinion analysts ko.
Tess: Parang ang nangyayari ay nagtatagisan ng galing o talino ang mga naglahad ng kani-kanilang pananaw sa isang mainit na isyu.
Mare: Yes, 'di pwedeng sabihin o igiit ng bawat isa o magkalabang

pananaw na sila ang tama at ang mali ay ang kabila.
Tess: Heto naman Mare, let's say na may mainit na topic. Ang magkalaban o magkaibang pananaw ay haharap sa interview sa media para sila ay magsalita, news ba na matatawag yun?
Mare: Kung ako ang tatanungin mo Tess, para sa akin ay 'di consider yun as a news. Kasi kung ikokonsidera o tatawaging balita yun eh parang lalabas na pwedeng akusahan both sides na fake news.
Tess: Bakit kasi kailangan pang maglabas ng statement sa media ang magkalabang panig? 'Di ba pwedeng hindi na sila kunan ng pahayag ng media o 'wag na lang sila parehong magbigay ng kanilang mga komento?
Mare: Hahaha, kung pwede nga lang sana Tess eh. Kaya lang bahagi yun ng demokrasya at ng malayang pamamahayag.
Tess: Dapat pala ay kasuhan din sila 'pag napatunayang mali ang kanilang mga binibitiwang mga pahayag. Eh 'di ba ang mga news writer o columnist sa mga dyaryo ay nadedemanda ng libel. Pati mga komentista at cyber libel naman sa mga nasa social media.
Mare: Ganon nga dapat kasi kawawa ang taumbayan dahil sobrasobra ng nalilito sa mga nangyayari.
Tess: 'Nuknukan kasi ng tatalino, tingin ata sa kanilang mga sarili ay mga henyo. Eh kwidaw ka, naggagaling-galingan lang naman. Kesyo may mga nagsasabi na sila ay mga dalubhasa at eksperto.
Mare: In fairness ay talaga naman na may iba d'yan na matatalino at magagaling. Ang problema nga lamang ay may ilan din na sumasalikwat dahil mayroong pinapanigan. Mayroong dahil sa personal at pansariling interes.
Tess: Kawawa ang mga tao, ang pinakamasaklap ay nagkakawatak-watak at nahahati ang taumbayan. Dapat talagang kasuhan ang mga yan 'pag napatunayang mali ang mga idinadakdak nila.
Mare: Ano naman ang naisip mong kaso ha Tess?
Tess: Kung pwede nga lang ang inciting to sedition hehehe. Bakit kamo? Kasi pinupukaw at tila nilalason ng mga 'yan ang isip at puso ng mga tao para magrebelde. Syempre mapupuno ng galit ang kalooban ng mga tao hindi lamang para mag-away-away kundi mag-aklas na rin.
Mare: Malabo naman sigurong mangyari yun Tess. Mapanuri at matatalino naman ang mga tao.
Tess: 'Andun na nga tayo, mapagmasid at may talino ang mga tao. Kaso nga lamang eh lason yan. Mahirap kalaban ang lason ah.
Mare: Ikaw ba Tess ay malalason ang puso at isip mo sa mga ganyang bagay o pangyayari?
Tess: Never! Never! Bakit naman ako magpapalason at ano ang mapapala ko.
Mare: 'Yun naman pala eh, naniniwala ako na marami pa ring Tess o kagaya mo na 'di basta-basta magpapalason sa mga naririnig natin sa magkabilang panig.
Tess: Kung marami man sila sa kani-kanilang mga panig ay marami rin ang walang pinapanigan.
Mare: Tumpak! Ang hinahangad din ng nakararami ay ang katotohanan. Hayaan natin sila kung saan ang kanilang mga panig basta tandaan lamang nila na hindi dapat ipagsigawan ang katagang tinig ng bayan o taumbayan.
Tess: Basta ako, malinaw na sa akin ano ba ang balita at fake news. Pero sa totoo lang ay gigil ako dun sa mga naggagaling-galingan. Para sa akin ay sila ang mga anay ng lipunan.
Mare: Puso mo Tess, hahaha nakadikit lang yan kaya kalma lang. Mabuti pa magbasa-basa na lang tayo, research-research din pag may time.
Tess: Agree, at least nagtsitsikahan man tayo kahit paano ay may sense ang tsismis na ginagawa natin. Wait na lang natin ang susunod na kaganapan.

--- Wakas ---

Masalimuot ang katagang fake news at katotohanan man na bahagi ng ating karapatan at kalayaan ang pagsasalita subalit maging maingat dapat sa pagbuka ng bibig bilang pagrespeto naman sa batas.



Mukhang 'engot' at kaawa-awa

MAYROONG kaibuturan ng puso kaakibat na dahilan ay pagkukunwari ang sino man na mas pinipili ang hindi pakikihalubilo sa mga kasamahan o kaya naman ay magsolo na lamang. Ito ay kahit nasa gitna ng okasyon na ang sariling kagustuhan ay ang humanap ng ibang kasalamuha o kung pwede ay manatiling mapag-isa. Kahit pa sa pananaw o paningin ng iba ay tila mukhang 'engot' o tanga at kaawa-awa. Tunay na madali ang maging magpakaplastik na sa bawat ngiti, haplos o dayalogo ay labag naman sa kalooban. Humaharap at nakikilahok o kapatawaran kapag nakikisama subalit sa isang sulok ng kaisipan lalo na sa kaibigang tapat gayundin ang tunay na makakasama dahil ang realidad ay halos plastikan na lamang. Ubra naman na hindi nananaig ang plastikan basta ang kasamahan ay marunong kumilala at tumanggap ng kamalian lalo na ang paghingi ng kapatawaran kapag may nagawang mali o kasalanan na hindi mataas o hambog pa.



ROMEO S. SANTOS
Publisher/Editor-in-Chief

JUNE K. BILLONES
Managing Editor

Ang 'HANEP Basahin Mo Ito!' ay inilalathala tuwing lunes ng **HANEP Publication** na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian Kawit, Cavite
Contact#: 0977-7844136/09687122927
Website: <https://hanep.net>

Email: ronejed@yahoo.com/ haneppublication@yahoo.com

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

Member: **Publishers Association of the Philippines, Inc.**



ADVERTISING RATES
COMMERCIAL - - - - P200/col.cm
LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
FOURTH JUDICIAL REGION
NAIC, CAVITE
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
AND EX-OFFICIO SHERIFF

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND,
Petitioner-Mortgagee,

-versus-

FNC-2023-615

RUEL G. BRONIOLA MARRIED TO
GRACE D. BRONIOLA,
Respondents-Mortgagors.

x ----- x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

WHEREAS, upon extra-Judicial Petition for Sale under Act No.3135, as amended by Act No. 4118 filed by **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**, Mortgagee, with postal address at the Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City against **RUEL G. BRONIOLA MARRIED TO GRACE D. BRONIOLA**, Mortgagors with postal address at 39 Luisito Street, Barangay Gulod, Novaliches, Quezon City and/or Lot 52, Block 2, Phase 1, Pasinaya Homes North, Timalan, Naic, Cavite, to satisfy the mortgage indebtedness which as of September 20, 2023 amounted to **FOUR HUNDRED SIXTY SIX THOUSAND EIGHT HUNDRED TWENTY FIVE PESOS & 15/100 (Php466,825.15)** Philippine currency, excluding penalties, Attorney's Fees and expenses of the foreclosure, the undersigned authorized Sheriff IV, will sell at public auction on **July 22, 2025 at 9:00 in the morning** or soon thereafter at the Regional Trial Court Naic, Cavite, to the highest bidder in CASH or in MANAGER'S CHECK and in Philippine Currency the property with all the improvements thereon, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2019021747

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in BARANGAY OF TIMALAN, MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON, bounded and described as follows:
LOT NO: 52, BLOCK NO: 2, PLAN NO: PCS-04-031172
PORTION OF: CONS-SUBD. OF LOTS 2977 & 2978, FLS-986-D, NAIC ESTATE (VS-04-000597)
LOCATION: BARANGAY OF TIMALAN, MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON
xxx AREA: TWENTY EIGHT SQUARE METERS (28), MORE OR LESS. x x x.

Prospective bidders are hereby enjoined to investigate for themselves, the title of the above-described property and to the encumbrance existing thereon, if any there be.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **July 29, 2025** at the same time and at the same place mentioned above without further notice

Municipality of Naic, Province of Cavite, December 12, 2023.

JANELLE V. LAGADON, MBA
Sheriff IV

Copy Furnished:

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
The Petron Mega Plaza Building,
No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City

Ruel G. Broniola and Grace D. Broniola
39 Luisito Street, Barangay Gulod, Novaliches, Quezon City and/or Lot 52, Block 2, Phase 1, Pasinaya Homes North, Timalan, Naic, Cavite

Atty. Michael Yancy P. Yngson
Unit C, 10th Floor, Strata 2000 Bldg. F. Ortigas Jr. Rd. Ortigas Center, Pasig City

Publication: HANEP June 30, July 7 & 14, 2025

CAVITE ELECTED OFFICIALS
TAKE OATH AT THE HISTORIC
SAN AGUSTIN CHURCH

The newly elected officials of Cavite, led by Governor-elect Francisco Gabriel "Abeng" Remulla, Vice Governor-elect Ramon Vicente "Ram" Revilla Bautista, and 7th District Congressman Crispin Diego "Ping" Remulla, formally took their oaths of office in a grand ceremony at the historic Diocesan Shrine of San Agustin (Holy Cross Parish) in Tanza, Cavite on June 25, 2025. Also sworn in were the Board Members from Cavite's eight districts, Tanza Mayor-elect Archangelo "SM" Matro, and the newly elected Municipal Councilors. The oaths were administered by distinguished officials: DILG Secretary Juanito Victor "Jonvic" Remulla for Tanza's local officials, Prosecutor Vivian Monzon-Rojo for the Board Members, Senator Ramon "Bong" Revilla, Jr. for Vice Governor-elect Revilla, and DOJ Secretary Jesus Crispin "Boying" Remulla for Congressman Ping Remulla and Governor-elect Abeng Remulla. Prior to the formal ceremony, a Mass was celebrated by Rev. Fr. Virgilio Mendoza, parish priest of San Agustin Church, offering prayers of guidance, thanksgiving, and hope as the new leaders prepared to begin their term of service.

PTFOMS Monitoring Probe into
Killing of Former Radio
Broadcaster in General Santos

The Presidential Task Force on Media Security (PTFOMS) is closely monitoring the ongoing investigation into the fatal shooting of former radio anchor Ali Macalintal on Monday, June 23, 2025, in General Santos City. Macalintal, a former broadcaster for RPN-DXDX General Santos, sustained three gunshot wounds and was declared dead on arrival at a nearby hospital. In coordination with the Philippine National Police (PNP) Region 12, PTFOMS is investigating the motive

Adding both solemnity and resonance to the event, the renowned Imusicapella delivered stirring performances. Their heartfelt renditions of inspirational songs enriched the atmosphere and underscored the gravity of the officials' pledge to serve with honor and dedication. Set against the backdrop of San Agustin Church – a revered landmark that has witnessed Cavite's rich history – the ceremony embodied a blend of solemn duty, civic pride, and shared hope for the province's future. In their messages, Governor Abeng Remulla and Vice Governor Ram Revilla called for servant leadership, inclusive governance, and sustained progress. Governor Remulla, representing a new generation, pledged to lead an open and proactive government that listens to all sectors and leaves no community behind. Vice Governor Revilla affirmed that public office is a sacred responsibility – to lead with integrity, serve with compassion, and act with conviction. United in vision, both leaders vowed to work with the Sangguniang Panlalawigan to build a just, inclusive, and resilient Cavite for all.—E. Reyes (CPIO)

behind the attack, including the possibility that it may be connected to the victim's previous work in media. PTFOMS is coordinating with local law enforcement units and monitoring developments through its network of Media Security Vanguard—PNP Public Information Officers trained to respond to threats and violence against journalists. The Task Force assures the public and the media community that justice will be pursued with urgency and transparency.

LEGARDA NANAWAGAN NG AGARANG
REPORMA SA PAGGAWA SA GITNA
NG PATULOY NA PAGKAKASAMA NG
PILIPINAS SA 'WORST COUNTRIES
FOR WORKERS' LIST NG 'ITUC'

Nanawagan si Senadora Loren Legarda sa Department of Labor and Employment (DOLE) na agarang manguna sa pagbuo ng isang malinaw na reporma bilang tugon sa muling pagkakasama ng Pilipinas sa listahan ng International Trade Union Confederation (ITUC) bilang isa sa 'Worst Countries for Workers' sa ikasiyam na sunod na taon. "Hindi ito dapat balewalain. Ang ating pandaigdigang reputasyon sa usapin ng karapatan ng mga manggagawa ay salamin ng ating domestic realities," pahayag ni Legarda. "Ang mga manggagawa ang backbone ng ating ekonomiya, at ang patuloy na babala mula sa mga pandaigdigang tagapagbantay ay nangahulugang marami pa tayong kailangang punan sa ating mga institusyon," dagdag niya. Tinukoy sa ITUC Global Rights Index 2025 ang laganap na paglabag sa karapatan ng mga manggagawa at ang patuloy na karahasan, banta, at panunupil sa mga unyon sa Pilipinas. Hinimok ni Legarda ang DOLE na magsagawa ng sistematikong pagsusuri, kasama ang iba pang mga ahensya ng pamahalaan, upang matukoy ang mga kakulangan sa karapatan sa paggawa na binigyang-diin sa ulat ng ITUC. Kailangan din aniyang tukuyin kung aling mga ahensya ang may pinakamabisang mandato upang tugunan ang mga partikular na isyu, maging ito man ay sa pagpapatupad, proteksyon, mekanismo ng reklamo, o legal na reporma. Binigyang-diin din ni Legarda na ang patuloy na red-tagging at paninira sa lehitimong kilusang paggawa ay hindi dapat gamiting dahilan upang supilin ang karapatang magpahayag at sama-sama pagkilos, dahil ito ay sumisira sa mga demokratikong mekanismo at nagpapalalim ng kawalan ng tiwala. Hiniling niya sa DOLE na magsumite agad sa Kongreso ng malinaw na listahan ng mga prayoridad sa reporma, na may tiyak na

mga hakbang at iskedyul, upang masuportahan ito sa pamamagitan ng batas at pondo. Binigyang-diin din ni Legarda na tungkulin ng pamahalaan na pangunahan at bigyang-ano ang isang inklusibong diyalogo ukol sa reporma sa paggawa. "Dapat aktibong makipag-ugnayan ang DOLE sa kilusang paggawa at itulak ang mga usapin patungo sa mahahalagang polisiya. Sa pamamagitan ng tunay na diyalogo natin mahuhubog ang mga repormang nakaangkla sa realidad ng mga manggagawa," aniya. Noong 2017, pinangunahan ni Legarda ang pag-apruba ng Senado sa ILO Convention 151, bilang patunay ng kanyang suporta sa pagpapalawak ng proteksyon sa paggawa hindi lamang para sa mga manggagawa sa pribadong sektor, kundi pati na rin sa mahigit 2.3 milyong manggagawa sa pampublikong sektor. Sa pag-sponsor ng panukala, layunin niyang matiyak na may pantay na karapatan ang mga kawani ng pamahalaan sa pagbuo ng unyon, pakikipagkasunduan sa mga employer, at pagkakaroon ng makatarungang kondisyon sa trabaho—mga karapatang matagal nang tinatamasa sa pribadong sektor. Matagal na ring isinusulong ni Legarda ang mga batas na nagpapataas ng antas ng pamumuhay ng mga manggagawa at nagsusulong ng inklusibong kaunlaran. Ilan sa kanyang mga pangunahing batas ay ang Magna Carta of the Poor (RA 11291), na kinikilala ang karapatan sa trabaho at kabuhayan; Expanded Maternity Leave Law (RA 11210), na nagbibigay ng 105 araw na bayad na maternity leave sa mga ina; at Green Jobs Act (RA 10771), na lumilikha ng mga oportunidad sa pagitan ng disenteng trabaho at pangangalaga sa kalikasan. "Hindi natin maaaring hayaang lumipas ang panibagong taon dahil may utang tayong proteksyon at dignidad sa bawat manggagawang Pilipino," pagtatapos ni Legarda.

CAVITE CONDUCTS SEAL OF CHILD-FRIENDLY LOCAL GOVERNANCE AWARDING CEREMONY

On June 17, 2025, the Office and the Provincial Social Welfare and Development Officer (OPSWDO) and the Department of Interior and Local Government (DILG) – Cavite conducted the Seal of Child-Friendly Local Governance Awarding Ceremony at the New Provincial Capitol Building, Trece Martires City, recognizing the outstanding cities and municipalities in the province in implementing programs and services for the children's rights and welfare. Hon. Romel Enriquez - 1st District Board Member and PCPC Vice Chairperson, Ms. Precyl Ramos - OPSWDO Officer-in-Charge, and Atty. Rodolfo Uy III – Provincial Administrator congratulated the LGUs who worked hard to achieve the elusive award and lauded their valuable effort as child rights advocate. BM Enriquez added in his remark that the Provincial Government of Cavite will remain proactive in providing support to the children and youth sector. Meanwhile, Mr. Joseph Ryan Geronimo – Cavite DILG Representative, stated that they encourage all LGUs to pass and achieve the

SCFLG, as it demonstrates the dedication of a local government unit to improve the quality of life of children. In closing, Mr. Enad Diaz, City of Carmona LCPC Focal Person, expressed his gratitude, saying “Ang tagumpay na ito ay simbolo ng mahusay na pamumuno ng maayos na pamahalaan. Ito ay patunay ng ating tunay na malasakit para sa mga kabataan sa pagsusulong ng kanilang karapatan.” The highlight of the event was the awarding of plaque and sixty-thousand cash incentive to 18 awardees – (1) City of Carmona; (2) Tagaytay City; (3) City of Imus; (4) City of Bacoor; (5) City of Dasmariñas; (6) City of Trece Martires; (7) Cavite City; (8) City of General Trias; (9) Municipality of Naic; (10) Municipality of Amadeo; (11) Municipality of Noveleta; (12) Municipality of Ternate; (13) Municipality of Rosario; (14) Municipality of Mendez-Nunez; (15) Municipality of Magallanes; (16) Municipality of Alfonso; (17) Municipality of General Mariano Alvarez; and (18) Municipality of Maragondon. ---J.Reyes (CPIO)

PBBM orders faster build of Marawi school facilities

By PCO

To ensure uninterrupted learning for some 10,000 students, President Ferdinand R. Marcos Jr. on Monday ordered national government agencies to expedite the construction of additional facilities for the Php520-million Marawi Dansalan Integrated School. President Marcos visited Marawi City to inspect and ensure the swift progress of ongoing reconstruction and rehabilitation efforts, including the construction of an integrated school that students will soon be able to use. “Nandito ako, pinuntahan ko ‘yung Marawi para tingnan ‘yung ginagawa nating rehabilitation para sa mga nasira, actually nasira lahat,” the President said in his remarks, underscoring his resolve to rehabilitate and rebuild Marawi City immediately. “Malapit nang matapos, kaunti na lang. Iyong maglalagay na lang ng perimeter fence, puwede nang dalhin ‘yung mga bata doon,” said President Marcos. Upon his arrival at Barangay Moncado Colony, the President was briefed by education and Marawi City rehabilitation officials about the project and the facilities needed to

